**Pamagat**: Sobrangsumasaganang Grasya | Superabounding Grace

**Texto**: 1 Timothy 1:15 "This is a faithful saying, and worthy of all acceptation, that Christ Jesus came into the world to save sinners; of whom I am chief."
*Pagsasalin*: Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan; na ako sa mga ito ang pangulo."

**Panimula**:

1. Ang kaligtasan ay palaging nagdudulot ng dakilang pagbabago. (1 Timothy 1:13)
2. "Bagaman nang una" ["Bagama't noong una" o "nang una"] – lahat ng mga Christiano ay may nakalipas na pamumuhay.
3. Bibigyan natin pansin ang mga pagbabago ni Paulo at parehas rin natin makikita na ang kaligtasan ay palaging nagdudulot ng dakilang pagbabago.

**I. Ang Nakaraan ni Paulo** (1 Tim. 1:13)

A. Mamumusong o naninirang puri. [lapastangan] – nag kampanya ng propaganda laban sa mga Christiano. – sinungaling; walang katotohanan na mga paratang o mga akusasyon.

B. Manguusig. (Acts 8:3) – pinasukan niya ang mga kabahayan ng mga tao, at pinalayas niya sila at dinala sila sa prisyento. (Acts 9:1) - Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo [sumisidhi; masidhing pagbabanta] pa ng mga pagbabanta at pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon, ay naparoon sa dakilang saserdote.

C. Mangaalipusta. [naglalait; marahas]. Malupit, at Mapagmataas.

D. Ignorante (hindi niya alam na siya pala ang nasa mali). Ngunit, hindi ito katanggap-tanggap na dahilan upang hindi siya humarap sa batas. Siya parin ay may sala. Sa pamantayan ng mundo si Paulo ay isang "scholar" ngunit sa katotohanan ng Salita ng Diyos, siya ay ignorante: Sa kabanalan ng Diyos; sa Persona ng Kadiyosan walang alam; sa Messiah ng Israel at Christo ng Diyos hindi niya kinilala.

E. Unbelief. (Wala siyang pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang Messiah, Diyos, Panginoon at Tagapagligtas).

F. Ganito rin ang lahat ng mga makasalanang tao. Ang istorya ni Paulo ay istorya rin ng mga Christiano.
- May relihiyon pero hindi base sa Banal na Kasulatan.
- Maari rin na walang relihiyon – para maluwag ang konsensya tanggalin ang Diyos.
- Tinatanggihan ang pinakadakilang balita sa buong mundo – Chrsitanismo!
- Naging panggit siya ng dahil sa kanyang mga kasalanan.
- Habang tumatagal ang tao sa kaniyang kasalanan mas lalong tumitigas ang kanyang puso.

**II. Ang Grasya na Sumaklolo kay Paulo**. (1 Tim. 1:14)

A. At ang grasya! – libre at malayang pag-ibig; walang bayad. Ito ay tulong at pabor ng Diyos. Mabuting kalooban, kabaitan. Sa Latin, gratis ibig sabihin ay "free." (Eph. 2:8)

B. Pansinin ang superlatibong pagtawag ng grasya: "exceeding abundant" – [lubos na sumagana] [labis na sumagana] [pinasagana]. "Superabound" "Sobrangsumasaga" – sa original (*huperpleonazo*).

C. Ang Diyos ay handang magpatawad. (Inialay niya ang kanyang bugtong na Anak, ano pa ba ang hindi niya ibibigay sa iyo?) – kahit na yun mga sinasadyang makasalanang tao, malupit, rebelde, mamumusong, naninirang puri, manguusig, marahas, ignorante, hindi sumasampalataya o walang pananampalataya; sa Pangulo ng mga makasalanan (v.15).

D. Namunga ang grasya ng Diyos:
- D.1. Faith – Pananampalataya.
- D.2. Love – Pag-ibig.

E. Palaging alalahanin: ang Diyos ay handang magpatawad at Si Jesus ay handang maglitas.

**Katapusan**:

1. Kaibigan, pagod kana ba sa buhay ng kasalanan? Handa ka na ba sa grasya ng Panginoon?
2. Tanggapin mo ang Panginoong Jesus bilang iyong kapalit at Tagapagligtas.
3. Ang grasya ng Diyos ay sumasaganang lubos "Sobrangsumasagana."